


# 2 SULAT SA MGA TESALONIKA

Itinuro sa atin ng unang sulat sa mga taga-Tesalonika ang kahalagahan ng paghihintay sa pagdating ni Kristo sa pangangaral ni Pablo.

Malakas na pampasigla ang paghihintay sa Araw ni Kristo para mapanatili ang pananampalataya ng mga unang Kristiyano. Ngunit maaari rin itong magdulot ng di-mabuting nerbiyos. Ang iglesya ng Tesalonika ang unang halimbawa ng mga minorya at mga grupong inuusig na ang normal na paglago ng buhay-Kristiyano ay sinisira ng paghihintay sa wakas ng mundo.

Sa sulat na ito, na sinulat ilang buwan pagkatapos ng una, sinisikap ni Pablo na papanatagin ang loob ng pamayanan.

---

**1** • 1 Mula kina Pablo, Silvano at
Timoteo, sa iglesya ng Tesalonika
na nasa Diyos na ating Ama at na kay
Kristo Jesus na Panginoon.
2 Sumainyo nawa ang kagandahang-
loob at kapayapaan ng Diyos Ama at ni
Kristo Jesus na Panginoon.
3 Mga kapatid, kailangang magpa-
salamat kaming lagi sa Diyos dahil sa
inyo. Ito ang tama sapagkat lumalago ang
inyong paniniwala at nadadagdagan ang
inyong pagmamahal sa isa't isa. 4 Ipinag-
mamalaki namin kayo sa mga iglesya ng
Diyos dahil sa tatag ninyo at paniniwala sa
gitna ng pag-uusig at pagpapahirap sa
inyo. 5 Sa mga ito nakikita ang makataru-
ngang paghuhukom ng Diyos. Sa paraan
ngang ito kayo nagiging marapat sa
kaharian ng Diyos na alang-alang dito
kayo naghihirap.

### Ang paghuhukom at ang pagdating ni Kristo

• 6 Makatarungan lamang na bayaran
ng Diyos ng hirap ang mga nagpapahirap
sa inyo; 7 ngunit sa inyo na nahihirapan,
bibigyan niya tayo ng kapahingahan sa
pagbubunyag sa ating Panginoon Jesus,

---

• **1.**1 Muli nating natatagpuan ang kaparehong mga kuru-kuro na ipinaliwanag natin sa 1 Tesalonika. Inuusig na komunidad. Batayan ng Kristiyanong pamumuhay: pananampalataya, pag-asa (o katatagan), pag-ibig. Ang araw ni Kristo.

• 6. *Marapat na bayaran ng Diyos ng hirap.* Kapag nagsasalita sa mga pagano ang mga apostol, iginigiit nila ang paghatol ng Diyos. Sa katunayan, hinding-hindi inakala ng mga pagano na hahatulan sila sa wakas ng kanilang buhay. Ang unang kailangan sa buhay-Kristiyano ay ang kaalaman na may mabuti at masama at hinahatulan ng Diyos ang lahat ng tao.

*Ipakikita siya mula sa langit upang parusahan...* Noong mga unang araw ng mga apostol, inakalang malapit nang dumating ang Araw ng Panginoon, at maraming usap-usapan tungkol sa paghatol sa masasamang tao sa pagsisimula ng Huling Kaharian (Huling Paghuhukom). Ngayon naman, naniniwala tayo na hindi pa ito nalalapit, kaya minamabuti nating

kapag ipinakita siyang may kaluwalhatian
mula sa langit kasama ang mga anghel.
8 *At mayroon ding nagliliyab na apoy
upang parusahan ang mga hindi
nakakakilala sa Diyos* at hindi sumu-
sunod sa Ebanghelyo ni Jesus na ating
Panginoon.
9 Parurusahan sila sa walang hanggang
kaparusahang malayo sa mukha ng
Panginoon at ng dakila niyang kaluwal-
hatian. 10 Sa araw na iyon luluwalhatiin
ang Panginoon ng kanyang mga banal, at
hahangaan din ng mga naniwala – kayo
mismo na tumanggap sa aming pahayag.
11 Kaya lagi namin kayong ipinag-
darasal. Gawin nawa kayo ng ating Diyos
na karapat-dapat sa kanyang pagtawag.
Tuparin nawa niya nang malakas ang
lahat ng inyong mabubuting pakay at ang
gawa ng inyong paniniwala. 12 Kaya
maluluwalhati sa inyo ang pangalan ni
Jesus na ating Panginoon, at kayo rin sa
kanya, sa tulong ng Diyos at ni Kristo
Jesus na Panginoon.

**2** • 1 Mga kapatid, pag-usapan natin
ang tungkol sa pagdating ni Kristo
Jesus na ating Panginoon, at sa pagtitipon
natin para salubungin siya. 2 Huwag
kayong madaling nerbiyusin. Huwag
kayong mabahala sa sinasabi ng isang
propeta o sa ulat o sa isang sulat na
parang galing sa amin, na palapit na ang
araw ng Panginoon. 3 Huwag kayong
palinlang kaninuman sa anumang
paraan.
Kailangang mauna ang Pagtalikod at
ipakita ang tao ng *Kasalanan*, ang
naghahatid ng pagkawala. 4 Siya *ang
kumakalaban at humahamon sa anu-
mang itinuturing na banal at makadiyos,
hanggang sa pag-upo man* sa templo ng
Diyos at pagtuturing *na siya ang Diyos.*
5 Nakalimutan na ba ninyo na ito ang
sinabi ko nang kasama pa ninyo ako?
6 Ngunit alam din ninyo kung ano ang
pumipigil sa kanyang paglitaw hanggang
sa kanyang takdang araw. 7 Nagkakabisa
na ang misteryo ng *kasalanan*, at
kailangan namang alisin na ang pumipigil
dito. 8 At saka darating ang *Makasalanan
na papalisin* ng Panginoong Jesus sa
*hinga lamang niya* at wawasakin sa
kanyang pagpapakita at pagdating.
9 Gagamitin ng Makasalanan ang
kapangyarihan ni Satanas, nang may

---

mag-isip ng paghatol na gagawin sa wakas ng buhay ng bawat tao (Personal na Paghuhukom).

• **2.1** *Huwag kayong mabahala.* Pangkaraniwan sa komunidad na inuusig ang nangyayari sa simbahan ng Tesalonika: mahilig ang mga taong umatras mula sa tunay na buhay. May mga usap-usapan na nalalapit na ang Pagdating ng Panginoon, at maaaring magis-terika ang mga naghihintay. Ipinaaalala ni Pablo sa kanila ang ilang katotohanan.

Kailangang mauna ang *Pagtallikod.* Bago magbalik si Kristo, kailangang magkaroon ng "Pagtalikod," o pandaigdig na krisis sa relihiyon. Kailangang dumating ang anti-Kristo. Totoo ngang may anti-Kristo sa lahat ng panahon (tingnan ang 1 Jn). Gayunpaman, sa huli, magkakaroon ng kumakatawan sa anti-Kristo nang higit kaysa mga nakaraan. Babalik si Kristo sa kaluwalhatian sa panahong waring gapi na ang Iglesya.

*Alam ninyo kung ano ang pumipigil sa kanyang paglitaw* (6). Tila may dalawang kuru-kuro si Pablo: nangyayari ang lahat sa panahong itinakda ng Diyos, at tumatagal ang bawat tao sa kasaysayan para isagawa ang lahat ng kabutihan at lahat ng kasamaan na dala niya sa kanyang sarili. Pagbanggit ni Pablo sa Pagtalikod, tinutukoy niya ang mga bansang na-ebanghelyo na; nagtatrabaho na ang puwersa ng kasamaan sa piling nila (7). Ngunit hindi magkakaroon ng pagtatakwil sa relihiyon o anti-Kristo hangga't hindi nagagampanan ang papel ng dalawang dating aktor. Sa isang dako, kinakailangang maipahayag sa lahat ng bansa ang Ebanghelyo; sa kabilang dako naman, kinakailangang ibuhos ng bansang Judio ang kanyang galit sa Iglesya. Ang dalawang bagay na ito ang pumipigil sa pagdating ng anti-Kristo.

Talagang di inakala ni Pablo na ang panahon ng mga bansa na binanggit ni Lucas (21:24) ay tatagal ng maraming dantaon; akala niya'y ilang taon lamang ang pinag-uusapan.

*Ipadadala sa kanila ng Diyos ang pandaraya.* Hindi ibig sabihin niyon na nagbabalak ng masama ang Diyos; pinababayaan lamang niya na walang magawa laban sa mga pagkakamali iyong mga nagtakwil sa liwanag. Sa katagalan, ang mga kaparehong tao na hindi nagsasaalang-alang sa mga di-mapag-aalinla-nganang pagpapahayag ukol sa pananampalataya ay sumusunod sa mga doktrina at kuru-kurong walang batayan.

mga mapanlinlang na himala, tanda at
kababalaghan. 10 At lubos na dadayain ng
kasamaan ang mga papunta sa pagka-
wala na tumatangging magmahal sa
katotohanang naghahatid ng kaligtasan.
11 Ito ang dahilan kung bakit ipadadala sa
kanila ng Diyos ang pandaraya upang
maniwala sila sa kabulaanan. 12 Kaya
mahahatulan ang lahat ng pumili sa kasa-
maan sa halip na maniwala sa kato-
tohanan.

**Magtiyaga sa pananampalataya**

• 13 Ngunit lagi kaming nagpapa-
salamat sa Diyos dahil sa inyo, mga
kapatid na mahal ng Panginoon.
Sapagkat pinili kayong una ng Diyos
upang kamtan ang espirituwal na pag-
babanal at tunay na paniniwala, at malig-
tas sa paraang ito. 14 Ito ang layunin ng
pagtawag niya sa inyo sa pamamagitan
ng aming Ebanghelyo: niloob nga niyang
makamit ninyo ang kaluwalhatian ni
Kristo Jesus na ating Panginoon.

15 Dahil dito, mga kapatid, magpaka-
tatag kayo at manindigan sa mga
tradisyong itinuro namin sa inyo sa salita
o sa sulat. 16 At patatagin din nawa kayo
ni Kristo Jesus na ating Panginoon at ng
Diyos na ating Ama. Minahal niya tayo
at sa kanyang habag ay binigyan tayo ng
walang hanggang kaaliwan at mabuting
pag-asa; 17 pasiglahin nawa niya ang in-
yong mga puso at gawin kayong ma-
tatag sa anumang mabuting gawain at
salita.

**3** 1 Sa wakas, mga kapatid, ipa-
nalangin ninyo kami upang mabilis
na lumaganap at pagyamanin ang salita
ng Diyos, tulad ng nangyari sa inyo.
2 Sagipin nawa kami ng Diyos mula sa
masasama at nang-aabalang tao, sapag-
kat hindi lahat ay naniniwala. 3 Tapat
naman ang Panginoon; palalakasin niya
kayo at ililigtas sa masama. 4 Nakatitiyak
kami sa Panginoon na ginagawa ninyo at
patuloy pang gagawin ang mga iniutos
namin sa inyo. 5 Bihasahin nawa ng Pangi-
noon ang inyong puso sa pagmamahal sa
Diyos at pagtitiyaga kay Kristo.

**Magtrabaho ang lahat**

6 Mga kapatid, iniuutos namin sa inyo
sa ngalan ni Jesucristong Panginoon na
lumayo sa sinumang kapatid na namu-
muhay na walang ginagawa at hindi ayon
sa mga tradisyong ipinasa namin sa inyo.

7 Alam ninyo kung paano ninyo kami
tutularan; hindi nga kami naging tamad
habang kasama ninyo kami. 8 Hindi kami
kumain nang libre. Araw-gabi kaming
nagtatrabaho at nagpapagod, upang di
maging pabigat kaninuman. 9 Kahit na
may karapatan kaming hindi gawin ang
mga ito, ginusto naming bigyan kayo ng
halimbawa.

10 Nang kasama ninyo kami, mali-
wanag na sinabi namin: "Kung may ayaw
gumawa, huwag siyang kumain."
11 Ngunit nabalitaan naming patamad-
tamad ang ilan sa inyo na hindi nag-
aabala kundi nang-aabala. 12 Sa ngalan ni
Kristo Jesus na ating Panginoon, iniuutos
namin at ipinakikiusap sa mga ito na
magtrabaho nang maayos at kumain ng
sariling pagkain.

---

• 13. Hinihikayat ni Pablo ang Iglesya tulad ng ginawa niya sa 1 Tesalonika, na sundin ang kanyang mga utos at patakaran. Mas mahigpit siya sa paggiit na may tungkulin silang magtrabaho. Kung lahat ay magtatrabaho, magiging mas panatag ang kanilang pananampalataya.

Pansinin ang mga salitang *mga tradisyon* na ginamit ni Pablo. Ang mga tradisyon ay ang mga kaugalian, seremonya at aral na ipinapasa ng mga tao sa sali't-salinlahi. Ang mga ito rin ay mga paggamit at uri ng pamumuhay na inaari sa pagsapi sa isang komunidad. Tinuligsa ni Jesus ang labis na pagpapahalaga ng mga Pariseo sa kanilang mga tradisyon, na umabot sa antas na dinaig pa ng mga ito ang mga utos ng Diyos (tingnan ang Mc 7:5). Gayunpaman, si Jesus mismo nang kasama niya ang mga apostol ay nagturo sa kanila ng natatanging paraan ng pananalangin, pagkilos, at pamumuhay sa pagsasamahan. Kaya ang mga ito ang mga tradisyon na pinapapanatili ng mga apostol sa Iglesya.

13 At kayo naman, mga kapatid, huwag
magsawa sa paggawa ng tama. 14 Kung
may di sumusunod sa aming tagubilin sa
sulat na ito, markahan siya at huwag
siyang pakialaman para naman mahiya
siya. 15 Pero huwag ninyo siyang ituring na
kaaway kundi babalaan siya bilang
kapatid.

16 Ibigay nawang lagi sa inyo ng
Mapagpayapang Panginoon ang kapaya-
paan sa lahat ng paraan. Sumainyong
lahat ang Panginoon.

17 Akong si Pablo ang sumulat ng
pagbating ito sa sarili kong kamay. Ito ang
lagda ko sa lahat ng aking mga sulat.
Sulat ko ito.

18 Sumainyo ang kagandahang-loob ni
Kristo Jesus na ating Panginoon.